

CHAPTER ONE

Ang bakuran ng mga ilustre ang pinakagrande sa lugar na iyon ng Munting Dilao sa may hangganan ng Cainta at ng Antipolo. Nakaluklok ang mansyon sa isang burol kung saan tanaw ang buong Maynila. Ang layo ng tarangkahan sa bahay ay kalahating kilometro.

May mga nakatalagang katulong sa bawat parte ng bahay. Mayroon para sa itaas at sa ibaba. Magkaiba ang hardinero sa labas at sa loob. Dalawa ang swimming pool, indoor at outdoor. Kung ang mga kabayo ay may kuwadra, gayundin ang mga kotse at mayroon siyempreng in-house na mekaniko.

Ang kalahating kilometrong driveway ay nililinyahan ng mga punong narra at acacia sa magkabilang tabi. Sa dulo niyon ay isang helipad sa kaliwang dako ng bahay. Sa kanang panig ay ang kidney-shaped swimming pool kung saan naroon din ng guesthouse. Ang stretch ng harapan ng mansyon ay ang napakalawak na hardin na siyang pinagdarausan ng mga okasyon ng mga Ilustre.

Lahat-lahat ay dalawampu't lima ang silid sa

mansyon—mula basement hanggang sa ikalawang palapag.

Ang rooftop ay ginawang solarium ng nasirang si Don Severino Ilustre at doon matatagpuan ang collection nito ng mga rare at exotic na halaman. Ang oriel na disenyo ng mga bintana sa harapan ng bahay ay napakarikit at kumikinang na parang brilyante kapag nasisinagan ng araw.

May pagtitipon na naman nang gabing iyon dahil kaarawan ni Mrs. Celestina Ilustre.

Ang servants' quarters ay nasa dakong kaliwa ng hardin; napapalibutan ito ng napakalagong bougainvillaea kung kaya hindi ito kita mula sa hardin. May puno ng banaba roon kung saan umaakyat si Katherine upang panoorin ang mga pangyayari sa party na kahit noon pa ay minimithi na niyang daluhan dahil lamang sa iisang rason.

“Haay!” buntung-hininga niya. “Kailan kaya niya ako maisasayaw na ganoon kalapit?”

Sa mga sandaling iyon ay hayun siya sa itaas ng puno at pinagmamasdan ang isang napakakisig na binatang nakasuot ng itim na tuxedo at nakikipagsayaw sa isang napakagandang socialite.

Ang lalaking mataman niyang pinagmamasdan ay si Eugene Ilustre, ang bunso sa dalawang

magkapatid na lalaking kapwa may distinct na personalidad.

Buong higpit itong nakahapit sa baywang ng kapareha at mataman na nakatitig sa mukha nito na para bang ang mga ito lamang ang mga taong nandoon at nagsasayaw.

Nang matapos ang malamyos na tugtugin ay nakita niyang bumulong ang binata sa kasayaw. Alam na niya ang mga susunod na mangyayari kahit ipikit pa niya ang kanyang mga mata.

“Aalis si Babae sa dance floor at pupunta sa likod ng dressing room sa may pool,” aniyang inina-narrate sa sarili ang pangyayari. “Si Eugene naman ay lalapit sa bartender at hihingi ng *Dom Perignon* at saka dalawang kopita. Magtatagpo sila sa rendezvous na ’yon, lalakad sa pathwalk patungong guesthouse... at hindi ko na alam kung ano na ang mga susunod na mangyayari dahil hindi ko na kita...”

Saka siya bababa ng puno. Tapos na kasi ang panonood niya dahil alam niyang malabo nang lumitaw muli si Eugene sa party.

Hindi siya nakatira sa servants’ quarters kundi sa itaas ng garahe, kasama ang ama. Iyon ay isang well-appointed na tirahan na kompleto sa kagamitan na karamihan ay mga pinaglumaan sa malaking bahay.

Napadaan siya sa tapat ng bintana ng office den. Sumilip siya upang matiyak na totoo ang kanyang sapantaha tungkol naman sa panganay na anak ng mga Ilustre na si Anthony.

Tama nga siya. Hayun ang binata at nakikipagsara na naman ng kung anong business deal sa kung sinong negosyante. Ibang-iba ito sa bunsong kapatid. Kung si Eugene ay ang tipikal na mayamang playboy, ito naman ang tipikal na batambatang executive na walang inaaksayang oras kapag negosyo ang pag-uusapan. Kaya hayun ito, kaarawan ng ina ay transaksyon ang inaatupag.

“UMAKYAT KA NA NAMAN sa paborito mong puno,” masuyong bungad ni Mang Ariosto nang isara ni Katherine ang pinto ng kanilang tirahan sa itaas ng garahe.

“Opo, Itay,” tugon niyang tila nasa alapaap ang pakiramdam. “Ang guwapo-guwapo niya!”

“Pinanood mo na naman si Eugene, ano?”

“Hindi po kayo nagkakamali, Itay,” sagot niya na pabagsak na naupo sa luma pero malambot na leather sofa.

Napangiti ang matandang lalaki. “Siyam na taon ka pa lamang noon nang mapasok akong driver

dito sa mga Ilustre,” anito na may pang-unawa naman para sa damdamin ng anak. “Hindi pa rin ba lumilipas ang pagsintang iyan para kay Eugene?”

“Kailan kaya niya ako mapapansin, Itay?” tanong niya na nakatitig sa kisame.

“Mababait naman sila, ah,” tugon nito. “Binabati ka nila, lalo na si Eugene kapag nagkakasalubong kayo, hindi ba?”

“Hindi pansin na ‘hi’ o ‘hello’ lamang ang ibig kong sabihin,” pakli niya na may lungkot sa kanyang musical na tinig.

Napailing na lamang si Mang Ariosto; tinitigan siya na hindi alam kung maaawa o matutuwa. “Alam mo na noon pa na hindi ikaw ang tipo ng babae para kay Eugene. Oo, puwede kang pumantay sa hitsura ng mga naging nobya niya pero hanggang doon na lang iyon. Ang hinahanap nila ay ang kanilang kauri.”

“Hindi na uso ang ganoon, Itay,” rason niya.

“Nasasabi mo lang iyan dahil hindi mo pa naranasan,” sabi nito na may naaalala ring mapait na karanasan noong kabataan nito. “Nangyayari pa rin iyon hanggang ngayon.”

Nag-isip siya at saka umiling.

“Ang mabuti pa, itulog mo na lang iyan at

bandang tanghali bukas ay susunduin ka ng iyong Tia Loreta," pagwawakas nito.

Napilitan siyang tumindig. Naalala niyang aalis na pala siya kinabukasan upang tumira sa Maynila. Tutuloy siya sa bahay ng kapatid ng kanyang nasirang ina.

Ngunit nang siya ay nakahiga na, hindi pa rin siya mapakali. May nais siyang gawin—dapat gawin—bago man lamang siya umalis sa bakuran ng mga Ilustre. Sisisihin niya ang sarili kapag hindi niya nagawa iyon.

Habang pabiling-biling sa kanyang higaan ay minumuni niya kung ano na kaya ang nangyayari sa guesthouse. *Malamang na uubusin muna nila ang champagne, hahalikan ni Eugene 'yung babae pagkatapos ay....* Hindi na niya maipagpatuloy dahil nasasaktan siya.

Ilang taon na nga ba niyang tinitiis ang gayong pakiramdam sa tuwing masasaksihan ang ganoong tagpo? Hanggang imahinasyon na lamang ba siya? Ang humiling na sana ay pinagtutuunan siya ng pansin ni Eugene?

Ah, aniya sa sariling bumangon at may resolusyon na kailangang isagawa niya ang dapat na isagawa, it's now or never!

Nang masigurong tulog na ang kanyang ama ay nanungawan siya kung saan kita niya ang bintana ng silid ni Eugene. Wala pang ilaw roon.

NOON NAMAN ay may kinailangang papeles si Anthony at naalalang ibinigay pala iyon ng kanilang ina kay Eugene.

Kaagad niyang hinanap ang ina.

“Mama, saan kaya itinago ni Eugene ‘yung mga papeles ng *Keystone Corporation*?” tanong niya. “I have to look over those papers para pag-aralan. I have an appointment with Mr. Keystone himself tomorrow afternoon.”

“Baka nasa kuwarta niya, Hijo,” tugon nito.

“Ikaw na ang kumuha doon dahil alam mo namang hindi mo maaabala iyon sa ngayon at tila mayroon na namang kinalalokohang babae. I haven’t seen him since midnight!”

Hindi na siya tumugon. Alam din niya kung saan nandoon ang kapatid at kung sino ang kasama nito. Tumalima na lamang siya patungo sa itaas ng bahay.

NATANAW NI KATHERINE na nagkailaw na sa silid ni Eugene. Iyon na ang hudyat para siya ay kumilos.

Mabilis at maingat siyang bumaba at patakabong nagtungo sa back entrance ng mansyon. Hindi naman siya pinansin ng mga katulong na naroon pa at nagliligpit ng mga kasangkapang ginamit sa party. Nginitian lang niya ang ilan sa mga iyon bago nagtuloy sa hagdanan at saka umakyat.

Pagdating sa itaas ay binagtas niya ang pasilyo hanggang sa makarating sa silid ni Eugene. Nakita niyang bahagyang nakaawang ang pinto. Humugot muna siya ng malalim na hininga bago kumatok.

“Come in.”

Inayos niya nang kaunti ang kanyang buhok na lampas-balikat at hinagod ang harapan ng suot na bestidongambahay bago lakas-loob na pumasok.

Alam niyang may pagka-Inglihero si Eugene kaya nag-Ingles siya.

“Can... I... turn off the light?” kabado niyang tanong. Hindi niya kasi magagawang sabihin ang lahat ng nais sa lalaking napupusuan kung mayroong ilaw. Nasa walk-in closet sa mga sandaling iyon si Anthony dahil naroon ang taguan ng kapatid nito ng mga importanteng papeles.

Napakunot-noo ang binata, naisip na napagkamalan ito bilang si Eugene ng isang lovesick na babae. Napangiti ito at nagpasyang makilaro

sandali sa daloy ng sitwasyon.

“Sure,” anito na ginaya ang estilo ng pagsasalita ng kapatid at ang tono ng boses.

Alam niya kung saan nandoon ang switch dahil pamilyar siya sa silid ni Eugene. Madalas siyang makisali sa mga katulong na nag-aayos ng mga silid sa itaas.

“I... have something to... tell you. Aalis na kasi ako bukas. And I would like to say... goodbye.”

“Where are you going?”

“To Malate,” tugon niya. “Alam ko, hindi mo ako mami-miss. Pero... hindi ko magagawang umalis na hindi man lamang nagpapaalam sa ‘yo. I would like you to know... noon pa man, in love na ako sa ‘yo. Ikaw nga ang first crush ko.”

Napangiti siya sa sarili. Kasi, hayun na siya at sinasabi ang nilalaman ng kanyang damdamin at pinakikinggan naman siya ng binata. Para sa kanya, hindi na baleng walang katugunang damdamin ang ibigay sa kanya, basta ang nais niya ay masabi lamang ang tungkol sa kanyang pagsinta.

Napapangiti rin si Anthony habang hawak ang mga papeles na kinuha sa isang drawer sa walk-in closet. Handa na itong lumabas.

Naaninag niya ang paglabas nito mula sa closet.

Saglit na nagliwanag ang silid at muli na namang dumilim nang isara nito ang pinto niyon.

“What else?” tanong pa nito na hindi pa handang ilantad ang sarili.

“M-meron din sana akong nais hilingin.”

“What is it?”

Silhouette lamang ng binata ang nakikita niya. Naaninag niyang papalapit ito sa kanya kung kaya lumakas na naman ang kabog ng kanyang dibdib. Iyon ang pinakamalapit na engkuwentro niya sa isa sa mga Ilustre. Nang isang talampakan na lamang ang layo nito ay napayuko siya at saka sinabi ang kahilingan.

“Will you... kiss me just once? Para mayroon man lang akong alaala mula sa ‘yo.”

Maski si Anthony ay nabigla nang kaunti sa kahilingang iyon. Nag-isip ito kung pagbibigyan ang babaeng iyon na ni hindi nito nakikita ang mukha.

Subalit ang sabi ng instinct nito: *Maybe she doesn't look so bad. She has a very sweet voice. Might as well give in to this novel experience!*

Walang sabi-sabi ay hinapit nito si Katherine at natagpuan na lamang niyang hinahagkan siya nito sa labi. Nadama kaagad nitong wala siyang karanasan sa paghalik kaya ito na ang nagkaroon ng initiative na

bigyan ng intensity ang halik.

Naramdaman niya iyon. Ginaya niya ang galaw ng mga labi nito hanggang sa makuha niya ang technique. Nang halos hindi na siya makahinga ay saka siya humulagpos.

“Thank... you!” Saka siya mabilis na lumabas ng silid na iyon at patakpong bumaba ng hagdan habang naliligayahan ang puso. *Hinalikan niya ako!* anang puso niyang umaawit.

Subalit pagkababa niya ng hagdanan ay nakatanaw siya ng isang grupo ng mga bisita sa sala. Medyo binagalan niya ang paghakbang. Napamulagat na lamang siya nang makita kung sino ang isa sa mga iyon.

Si Eugene! Nakikipagbiruan ito sa ilang mga bisita ng ina at namataan din siya nito.

“Hi, Katherine,” nakangiting bati nito.

“Hello... Eugene,” tugon niya na tila nauumid ang dila. Napatingin siya sa dakong itaas. Sino ang humalik sa kanya?

Napakagat-labi siya at saka napatakbo patungo sa komedor, derecho sa kusina hanggang sa makalabas siya ng back door. Hindi siya huminto sa pagtakbo hanggang sa sumapit siya sa unang baitang ng hagdanan sa garahe paakyat sa tirahan nilang mag-

ama.

“Sino iyon?” bulong na tanong niya sa kanyang sarili. Hindi siya maaaring magkamali na si Eugene ang naroon sa sala at bumati sa kanya. Parang nais niyang magdabog, magwala at magalit. Naramdaman na lamang niyang nangainit ang kanyang mga pisngi nang maisip kung sino ang kanyang nakahalikan.

Si Anthony!

Ano na lang ang mukhang ihaharap ko sa kanya?
nalilitong tanong niya sa sarili. *Alam kaya niyang ako iyon? Nakakahiya!*

Naupo muna siya sa unang baitang ng hagdanan at saka inisip kung anu-ano ang kanyang mga nasabikanina.

May nasabi kaya siyang makakapagbigay ng clue na siya ay si Katherine, anak ng driver? May posibilidad ba na maisip ni Anthony na baka isa sa mga katulong ang hinalikan nito?

Nang isa-isahin niya ang kanyang mga nasabi ay napasapak siya sa kanyang noo. Nasabi nga pala niyang paalis siya! Sino pa ba ang aalis sa bakuran ng mga Ilustre liban sa kanya?

“Patay!” bulong niya sa sarili. “Nakakahiya talaga! Ang daya niya! Ang daya ni Anthony!”

HINDI NATULOY ANG PAGESUNDO ni Tia Loreta kay Katherine. Nang bandang kalagitnaan ng umaga ay tumawag ito sa telepono upang sabihing nasira raw ang makina ng sasakyan nito.

Naikarga na ni Mang Ariosto ang kanyang mga bagahe sa trunk ng *Mercedes Benz* at hinihintay na lamang siyang matapos sa pagbibihis.

“Bilisan mo d’yan, Katherine,” tawag nito mula sa ibaba ng garahe. “Isasabay na kita sa pagluwas nina Mrs. Ilustre!”

“Hindi kaya nakakahiya kina Ma’am?” tanong niya nang nakasakay na sa passenger’s seat sa unahan at umuusad na ang kotse patungong driveway sa harapan ng mansyon. Hanga siya kay Mrs. Ilustre; may party ito nang nakaraang gabi pero pupunta pa rin kinabukasan sa Makati upang mag-opisina.

“Nagpaalam na ako kanina habang sila ay nag-aalmusal,” tugon nito. “Pumayag naman si Ma’am na ihatid kita pagkahatid ko sa kanila sa opisina.”

“Kanila?” tanong niya.

“Kasabay ni Mrs. Ilustre si Anthony,” sagot nito.

Biglang pumitlag sa kaba ang kanyang puso. Parang nais niyang lumubog sa kanyang kinauupuan nang matanaw ang mag-ina na nakaabang sa harapan

ng bahay.

Si Anthony nga!

Saglit na umibis si Mang Ariosto upang pagbuksan ang among babae. Si Anthony naman ay lumigid—sa unahan ito nagdaan—patungo sa kabilang panig ng kotse at pagkaupung-pagkaupo ay ang laptop computer kaagad ang hinarap.

“Magandang umaga po, Mrs. Ilustre,” bati niya.

“Ah, good morning, Katherine,” magiliw na tugon nito. “Ano ang masasabi mo sa aking birthday party kagabi?”

“Mas maganda po kaysa noong isang taon,” sabi niya.

“I heard ihahatid ka ng tatay mo,” pakli nito.

“Saan daw iyon?”

Napamulagat siya at hindi kaagad nakasagot.

“Sa Malate ko po siya ihahatid,” sambot ng kanyang ama. “Titira po siya sa kapatid ng asawa ko dahil malapit iyon sa kolehiyong papasukan niya.”

Napapikit siya sa hiya. Nakumpirma tuloy kay Anthony na siya ang pangahas na pumasok sa silid ni Eugene!

“Ah, ilang taon na ba itong si Katherine?” patuloy na usisa ni Mrs. Ilustre.

“Malapit na pong mag-seventeen,” sagot ni Mang

Ariosto.

“At that age,” saad nito, “third year na sa College of Business Administration sa *La Salle* itong si Anthony ko! Pero si Eugene, at that age, fourth year high school pa lang!”

Nagpatuloy ito sa pagkukuwento tungkol sa dalawang anak. Nakinig lang si Katherine habang iniisip kung ano kaya ang laman ng isipan ni Anthony na abala pa rin sa screen ng maliit na computer.

Bahagya siyang nakalingson sa dako ni Mrs. Ilustre kaya visible sa kanya ang profile ng binata. Inisip niya kung ilang taon na kaya ito? Ilang taon na kayang ito ang nagpapatakbo ng negosyo ng pamilya? May panahon pa kaya ito sa sarili? Sa nobya?

Mayroon nga ba itong nobya? Kahit kailan ay wala siyang narinig na may kinalokohang babae si Anthony.

Mula sa kanyang punto de vista, napagmasdan niya sa gilid ng kanyang mga mata ang intelihente nitong noo at ang matangos na tulayan ng ilong. Kahawig ito ni Eugene. Ito ang seryosong version ng lalaking kanyang nililiyag.

Konserbatibo ang taste nito sa pananamit; hindi gaya ng kapatid na kung ano ang uso sa men’s

fashion ay iyon ang sinusunod. Hindi ito mahilig magsuot ng mga alahas; isang antigong signet ring lang ang suot nito na-acquire ng kanilang lolo sa isang auction sale sa *Sotheby's* sa London.

“Ma,” saad nito sa ina, “look at the Phisix Index at the close kahapon. Lumalakas talaga ang *Alonzo Industries*. I bet they will still gain more within this week.”

Napansin naman ni Katherine na umalerto ang kanyang ama. Napatingin ito sa rearview mirror pero saglit lang iyon; kapagdaka’y bumalik din ang konsentrasyon nito sa kalsada.

Sa wakas ay nakarating sila sa harapan ng office building ng mga Ilustre sa Ayala Avenue.

Umibis si Mang Ariosto upang pagbuksan ng pinto ang among babae.

Bago umibis si Anthony ay may sinabi ito sa kanya. At makahulugan iyon. “Farewell, Katherine.”

“Goodbye....” Sinundan niya ito ng tingin habang patungo ito sa lobby ng office building.

CHAPTER TWO

Nag-landing ang eroplano galing ng San Francisco sa *Ninoy Aquino International Airport*. Isa si Katherine sa mga nag-disembark na pasahero. Medyo sinuwerte sa buhay ang kanyang Tia Loreta at isinama siya nito sa Amerika nang makatapos siya ng kolehiyo. Mahigit dalawang taon din siyang nawala.

Hindi na niya pinadalhan ng telegrama ang kanyang ama dahil nais niya itong sorpresahin sa kanyang pagbabalik.

Kaya hayun siya sa terminal at may problema kung paano makakarating sa Munting Dilao. Mahirap magbiyahe nang ganoong oras ng gabi.

Tatawag na siya ng taxi nang masilaw ng headlights ng isang kotse. Lumampas ito nang kaunti ngunit bigla ring bumuwelta at tumapat sa kanya. Iyon ay isang magarang *Alfa Romeo* na sports car.

Sa kanyang pagkamangha, kilala niya ang may-ari ng kotse. Si Eugene!

“You seem to need a hand,” nakangiting sabi nito pagkaibis ng sasakyan.

Hindi pa rin siya nagbabago, aniya sa kanyang sarili. Mabilis pa rin ang mata sa mga babae. "Mayroon nga akong problema," amin niya. "Wala kasing susundo sa akin."

"Perhaps I can help you out?"

Disarming ang ngiti nito. Nag-atubili siya. "Pauwi ka na ba?" tanong niya.

"Yes. But I can drive you home kahit saan pa iyon. Just show me the way."

"Actually... I live near your house," pakli niya na pinipili ang sasabihin. Obvious na hindi siya namukhaan ni Eugene dahil iba na ang kanyang hitsura. Hindi na siya ang dating si Katherine Guerrero na noon ay simple lang at matatawag na 'Plain Jane.' Ngayon ay mayroon na siyang sophistication dala ng kanyang paglalakbay sa iba't ibang siyudad sa Amerika at experience sa pakikihalubilo sa iba't ibang uri ng mga tao.

"Why do you know where I live?" takang tanong nito. "Do you know me?"

Napangiti siya. "Yes."

"Ah, siguro magkapitbahay lang tayo o kaya ay magkalapit ng subdivision!" hula nito dahil medyo pamilyar nga ang kanyang mukha rito. "So, nakatira ka sa Cainta. Where in Cainta?"

Hindi siya sumagot.

“Come on,” anitong nangungulit. “*Park Ridge? Ortigas Heights?*”

Umiling siya na nakangiti pa rin; lumitaw tuloy ang mga dimples sa magkabila niyang pisngi.

“*Palmera Homes?*”

“Nope.”

“*Valley Golf?*”

Umiling na naman siya.

“Ah, alam ko na,” anito na nagsiguro na. “It’s got to be *Brookside Hills!*”

“Puwede bang sumakay na tayo sa iyong kotse?” tanong niya dahil nagta-traffic na sa likuran ng kotse nito at galit na ang mga drivers ng mga sasakyan.

“Sure!”

Tinulungan siya nitong buhatin ang kanyang mga bagahe para ilagay sa trunk ng kotse. Nang nakasakay na sila at umandar na ang sasakyan ay natanong niya ito.

“Bakit ka nandito sa airport?”

“May inihatid ako,” tugon nito. “Napadaan din ako sa arrival area dahil tiningnan ko rin kung dumating galing U.S. ’yung isa kong kaibigan. Kaso, hindi yata natuloy. Pero hindi bale. Parang ikaw na rin ang aking sinundo. Tell me, bakit mo ako kilala?”

Do you really know me?"

"Yes," malamyos niyang tugon. "The legendary Eugene Ilustre."

"You really know me," flattered nitong tugon. "Saan ka ba talaga nakatira?" kulit nito.

"Basta tumuloy ka lang," aniya. "Sasabihin ko sa 'yo kung saan ako bababa."

"Okay." Lalong nasiyahan ang binata. Noon lang ito nakaranas na makatagpo ng isang napakagandang babae na nagpahatid dito na para bang kahit saan nito dalhin ay puwede. *She might as well end up at our guesthouse*, nangingiti nitong naisip.

Tahimik silang nagbiyahe mula airport hanggang sa makarating ng Ortigas Avenue. Nang makalampas sila ng Rosario Bridge ay hindi nakatiis si Eugene at ito ay nagsalita.

"I still don't know your name," anito. "I am at a disadvantage."

"You will know it soon enough," tugon niya. Natatawang naiiling ito.

"Balita ko ay malapit ka nang ikasal."

"Whoa!" tugon nitong balak mag-deny. "Saan mo nabalitaan 'yan?"

"Nakakarating naman ang balita sa Amerika, hindi ba?"

“I mean, kanino mo nalaman?”

“From a very reliable source.” Noon lang niya naranasan na masarap palang makipag-flirt dito.

“Ang hirap talaga ng posisyon ko,” angal nito. “Marami kang alam tungkol sa akin, pero ako, maski pangalan mo ay hindi ko alam.”

“Okay, nalaman ko ang balita sa isang Filipino newspaper sa San Francisco,” aniyang hindi sinabi ang totoo na ang ama niya ang nagbalita sa kanya sa isa nitong sulat. Marami rin siyang nabalitaan tungkol kay Anthony. Kung si Eugene ay palaging laman ng society pages ng mga peryodiko, ang kapatid naman nito ay palaging laman ng business section.

Muli silang natahimik. Nang lumiko ang kotse sa entrance ng *Brookside Hills Subdivision* ay saka ito nagtanong.

“Saan ka ba talaga uuwi?”

“Hindi mo ba ako iimbitahang magkape man lamang sa inyo?”

Lalo itong napamulagat. “Iyon nga ang balak ko!”

“Then, let’s go.”

Lalo itong nagmabilis.

Nang matanaw na ni Katherine ang mga ilaw mula sa kinaluluklukang burol ng tahanan ng mga Ilustre ay napuno ng kaligayahan ang kanyang puso.

Magkikita na sila ng kanyang ama matapos ang dalawang taon.

“Walang masyadong nabago dito sa inyo?” tanong niya nang tumutugpa na sa driveway ang *Alfa Romeo*.

“Nothing much,” tugon nito. “Nagkaroon lang ng electronic alarm system dito dahil ilang beses na kaming napadalhan ng kidnap at mga death threats. But as a whole, it is still home sweet home para sa amin.”

“Dito rin ba umuuwi ang iyong... kapatid?”

“Si Anthony? Kilala mo rin siya?”

“Uh-huh.”

“Will wonders never cease?” anito na lalong humanga sa pagiging well-informed ng dalaga. “Kunsabagay, legendary rin naman ang kapatid kong iyon—sa business world nga lang.”

Sa wakas ay pumarada na sa harapan ng mansyon ang kotse. Bumusina ang binata upang ianunsyo na dumating na ito. Kaagad itong umibis upang siya ay pagbuksan ng pinto.

Wala ngang masyadong nabago, aniya sa sarili nang mapagmasdan ang hardin at ang harapan ng bahay.

NARINIG NI ANTHONY ang tunog ng busina.

Nasa office den ito at handa na sanang pumanhik para matulog. Habang naglalakad ito sa pasilyo patungo sa sala ay naririnig nito ang usapan nina Eugene at Katherine.

“By the way,” anang kapatid nito, “birthday ni Mama tomorrow. Mayroong party dito bukas ng gabi. Will you come?”

“Are you inviting me?” tugon ng babae na hindi mawarian kung ano ang dapat na maging emosyon. Narating din niya ang sandali na siya ay masasali sa okasyon ng mga Ilustre!

“Of course!” tugon nito. “Darating ka ba?”

“Why... sure! Sure!”

May sasabihin pa sana si Eugene nang mamataan nito ang paparating na si Anthony.

Hindi pa mandin nakakalingon ang dalaga ay binati na siya nito.

“Hello, Katherine,” anitong walang pag-aatubili sa tinig.

“Hello... Anthony,” tugon niyang biglang nalungkot. Tapos na ang kanyang laro. Balik na naman siya sa reality na anak lamang siya ng driver.

“Ikaw si... Katherine?” ani Eugene na hindi makapaniwala.

Tumango siya, hindi makatingin nang tuwid sa

mukha nito. "Sige," aniyang tumalima na patungo sa pinto, "pupuntahan ko muna si Itay."

Hindi na siya napigil ng kahit sino sa magkapatid. Nagkatinginan na lamang ang mga ito.

"DESIDIDO KA BA TALAGANG DUMALO, Katherine?" tanong ni Mang Ariosto nang gabing iyon. Nagsisimula na ang party sa hardin ng mga Ilustre.

"Imbitado naman ako, hindi ba, Itay?" tugon ng dalaga na buo ang paniniwalang may karapatan siyang pumunta sa okasyon.

"Oo nga," pakli nito. "Pero isipin mo, hindi pa niya alam na ikaw si Katherine nang ikaw ay maimbitahan. Iba na ang paningin niya sa 'yo nang malamang anak kita!"

"Magtatalo na naman ba tayo tungkol d'yan?" malungkot niyang tanong. "All my life, I have wanted to attend even one of their parties. At least, ngayon ay hindi na ako masyadong mahihiya dahil hindi na ako ang dating si Katherine. Marunong na akong makiharap sa mga tao. Hindi n'yo po ako ikahihiya."

Lumapit ito sa kanya at hinagkan ang noo niya. "Ang anak ko," masuyong sabi nito. "Ayaw ko lamang na masaktan ka pagdating ng araw."

“Don’t worry about me,” natatawa niyang saad. “Hindi mo ba alam? Marami na akong pinaluhang mga lalaki noon pang ako ay nasa kolehiyo. Marami din akong binasted sa Amerika! Hindi ako ang tipong kayang bilugin ng kahit na sinong lalaki maski pa ito ay si Eugene Ilustre.”

“O sige,” konklusyon nito. “Bahala ka. Ang sa akin ay paalala lang naman.”

“I’ll be all right, Itay,” tugon niya. “Trust me.”

Nagtungo na siya sa kanyang silid upang magbihis. Pinili niya ang isang gown na kulay puti na may ternong bolero na puno ng sequins. Nasisiyahan siya sa sarili nang sipatin ang hitsura niya sa salamin.

Iba na talaga siya. Hindi niya akalaing mag-bloom siya nang ganoon. Paanong hindi niya masasabing siya ay maganda?

Napansin na niya ako!

Ang katotohanang iyon ay hindi maikakaila sapagkat si Eugene ay connoisseur pagdating sa kagandahan ng isang babae. Ang mapansin nito ay ibig sabihin, hindi lamang above average ang hitsura ng isang babae kundi superlative ang ganda nito. At iyon ay hindi lamang applicable sa ganda ng mukha kundi kasama pa rin pati ang tindig at appeal ng personalidad.

SA KABILA NG PAGKAKAALAM na anak ng driver si Katherine, hinintay siya ni Eugene. Nang matanawan siya nito ay kaagad itong kumawala sa sirkulo ng mga kaibigan at sinalubong siya upang eskortehan patungo sa hardin.

“Ako lang yata ang dumating na hindi de-kotse,” aniya.

“Who cares?” tugon nito na nakatingin sa eleganteng profile niya.

“I don’t even have a gift for your mother,” saad pa niya. “Hindi ko kasi alam kung ano ang ibibigay sa isang taong mayroon na lahat.”

“Iyon nga si Mama,” natatawa nitong tugon. “She is not expecting any gift from anybody, basta ang gusto niya ay i-celebrate lang ang kanyang birthday.”

“Nakapag-dinner ka na ba?”

“Not yet,” sagot nito. “Hinihintay kasi kita.”

Hindi na-miss ni Katherine ang makahulugang tono nito nang sabihin iyon.

Sa buffet table sila nagtungo. Hinayaan niyang ipili siya ni Eugene kung ano ang kanyang kakainin at iinumun. Naging kapansin-pansin sa mga bisita ang pagiging attentive nito sa kanya.

Pagkatapos kumain ay nagsayaw sila. Hindi siya

nito pinayagang makipagsayaw sa kahit na sinong lalaki.

NANG MGA SANDALING iyon naman ay nababahala si Mrs. Ilustre sa inaasal ng bunsong anak. Imbitado rin kasi ang mga magulang ni Collette, ang nobya ni Eugene, at napansin ng mga ito ang special attention ng mamanugangin kay Katherine.

“Sino iyon na laging isinasayaw ni Eugene?” tanong ni Mrs. Alonzo kay Mrs. Ilustre.

Napatingin ito sa direksyon ng dance floor at nakita ang napaka-sweet na pagsasayaw ng dalawa.

“Ah, si Katherine iyon,” sagot nito na tila nais maubusan ng hinahon. “She is a... she is a childhood friend!” Hindi nito masabi na anak siya ng family driver. Sa sobra nitong pagkabahala, nagpaalam ito sa mga babalaehin para hanapin si Anthony.

Gaya ng dati, nasa office den ito at may ipinaliliwanag sa ilang business colleagues tungkol sa bagong proyekto nito sa Ilocos Norte at ginaganyak ang mga itong mag-invest doon. Napilitan itong putulin ang pakikipag-usap nang senyasan ng ina.

“Will you talk some sense into that brother of yours?” galit nang sabi nito.

“Ano na naman iyon, Mama?”

“Hayun,” tugon nito, “ipinakikita ng magaling mong kapatid sa lahat ng bisita ang pagkahumalinng niya sa anak ni Ariosto! Kay Katherine! Alam naman niyang nandito sa party ko ang kanyang future parents-in-law. Alam niya kung ano ang interes ng pamilya natin kung bakit kailangang matuloy ang kasal nila ni Collette! Hindi ako papayag na—”

“Calm down, Mama,” pigil ng anak. “I will deal with Eugene.”

“Not him,” correction nito. “Si Katherine ang harapin mo! Alam mo namang napakatigas ng ulo ng kapatid mo and he will not listen to you!”

Napatiim-bagang si Anthony. Ganoon na lang nang ganoon ang nangyayari kapag may bagong kinalolokohan ang kapatid. Kapag hindi type ng mama nila ang babae ay uutusan siya na idispatsa ito. Umaabot iyon sa punto na babayaran niya ang babae.

Hindi niya alam kung bakit hindi siya komportableng gawin ang ganoon kay Katherine. Hindi naman niya masisi ang dalaga dahil alam niyang noon pa ito may gusto sa kanyang kapatid.

Naalala rin niya ang gabing iyon nang pumasok ito sa silid ni Eugene.

How can I forget that? aniya sa sarili. It was the first time I taught a girl how to kiss... and it was nice!

Nagtungo siya sa isang silid sa basement kung saan nandoon ang main switch ng bawat parte ng bahay at ang iba pang mga out-buildings.

NANG MALAPIT NANG MAGHATINGGABI, hindi na nagtaka si Katherine nang bumulong sa kanya si Eugene habang sila ay nagsasayaw.

“Go to the pool at the back of the dressing room,” anito. “I’ll meet you there later.” Saka siya iniwan nito.

Nagpalinga-linga muna siya bago nagtungo sa isang di-pansing lugar ng hardin at doon siya nag-isip kung susundin ba niya ang sinabi ng lalaki.

Alam niya kung ano ang kanyang kinakaharap. Nais ba niyang siya ang pag-usapan kinabukasan ng mga katulong?

Nagtaka siya nang pagsapit sa may pool ay walang ilaw roon. Nangapa tuloy siya patungo sa likuran ng dressing room.

Naghintay siya roon. Nang mga ilang minuto na ang lumipas ay may narinig siyang kaluskos. Pumihit siya upang aninagin kung si Eugene na iyon.

Hindi pa man ito lubusang nakakalapit ay siya na ang tumakbo papalapit dito. Siya na ang kusang yumakap dahil sa nag-uumapaw na kaligayahan.

Hinagkan niya ito nang buong alab sa labi.

Nakapagpasya na siyang kahit pa malapit na itong ikasal ay ipaglalaman niya ang kanyang nadarama para rito. Bakit pa niya palalampasin ang pagkakataon?

Habang hinahagkan siya nito sa punong-tainga ay may namuong katanungan sa kanyang isipan. *Where is the bottle of champagne? Where are the glasses?*

Bigla niya itong ibinuyog palayo sa kanya. "You are not Eugene!" galit niyang bulalalas.

"No, I am not," tugon ni Anthony.

"What are you doing here?" tanong niya sa pagitan ng kanyang mga ngipin.

"Eugene sent me," tugon nito. "He got detained by some of our... friends."

"O baka naman sinadya mong ma-detain siya?" sumbat niya.

"I may be very commanding or manipulative at times," amin nito, "but I am not at the moment. In fact, I was at the mercy of a woman's arms and lips just a while ago."

Tumawa siya nang mapakla. "Very funny," matabang niyang tugon. "Nandito ka ba para sabihin sa aking hindi ako ang suitable na babae para sa iyong kapatid?"

“No,” anitong may politeness sa boses. “I am here to tell you that there are other men besides my brother.”

“What if I told you I want no one except him?”

“Then, I have to take some drastic actions,” tugon nito.

“Like what?” tanong niyang hindi na kinakabahan. Alam naman niyang hindi siya pisikal na sasaktan nito.

“Like asking... how much?” prangka nitong sagot.

Nanlamig siya sa narinig. Hindi niya akalaing hahainan siya nito ng ganoong offer na para bang kaya nitong bilhin ang kanyang buong pagkatao. Ganoon din ba ang ginawa nito sa iba pang babaeng kinahumalingan ni Eugene? Na kapag hindi suitable ay tinatanong kung magkano ang presyo ng pag-ibig nito para lamang lumayo?

Na-size up niya ang lahat sa mga sandaling iyon. Kawawa naman pala si Eugene. Walang karapatang umibig sa tunay na itinitibok ng puso nito.

“Go to hell, Anthony!” sigaw niya, pagkuwa’y tinalikuran ito.

Nang makaalis siya at makalayo si Anthony roon ay siya namang dating ni Eugene.

CHAPTER THREE

Jsang bungkos ng mga bulaklak ang iniabot ng matandang hardinero kay Katherine nang sumalo siya sa agahan sa servants' quarters.

"Ipinabibigay ni Eugene," anito.

Medyo na-conscious siya sa titig ng mga katulong na naroon, hindi alam kung mahihiya ba siya o magmamayabang.

"Hindi na kakatwa ang magpadala siya ng bulaklak sa isang magandang babae," ani Aling Epang. "Kabisado na naming lahat si Eugene. Magtataka pa kami kung hindi man lamang siya nagandahan sa 'yo!"

"Kayo talaga, Aling Epang," tugon niya. "Hindi na kayo nagbago; kayo pa rin 'yung matchmaker na nakilala ko."

"Aba, kung pipigilin ko namang mag-ibigan ang mga tauhan ko dito, ano na lamang ang gagawin nila? Magtatagpo nang palihim? Huwag lamang silang magtataksil sa isa't isa ay kakampi nila ako; at kapag ang pag-iibigan ay nasa lugar, bakit naman natin pipigilin?"

Habang sinasamyong ang mga bulaklak ay lumabas siya ng servants' quarters. Siya namang kita sa kanya ni Anthony na noon pasakay sa naghihintay na kotse. Ipinagbukas ito ng pinto ng kanyang ama.

Ang tagpong iyon ay reminder sa kanya na siya ay lumagay sa dapat kalagyan. Tiningnan lang siya nito sandali, kapagdaka ay ipinagpatuloy na ang pagsakay.

Pinansin niya ang taste nito sa sasakyan kumpara sa kapatid.

Eugene is flamboyant, naisip niya. Anthony is conservatively elegant.

Sinusundan pa niya ng tingin ang papalayang kotse nito nang si Eugene naman ang lumabas ng bahay.

Nang mamataan siya ng binata ay kaagad itong lumapit. "Ah, I see that you already have them," anito. "I had them picked especially for you."

"Salamat," tugon niya. "Hindi kaya magalit ang mama mo kapag nalaman niyang pinadalhan mo ako ng bulaklak?"

"Why would she?" tugon ng binata. "Kadarating mo lang from the States; you've been away for too long. Naging magkalaro naman tayo kahit papaano when we were kids. I didn't know then that you

would grow so beautiful.”

Nakatitig ito sa kanyang mukha at nang hindi pa nasiyahan doon ay hinawakan ang kanyang kamay at hinalikan ang ibabaw niyon—French fashion.

“You’re so sweet,” napangiti niyang komento. “Iba nga ang iisipin ng tao kapag nakitang nagbigay ka na ng bulaklak ay hinalikan mo pa ang kamay ko. What do you want from me, Eugene?”

“You know I want you,” tugon nitong may malalim na tono sa boses.

“You can’t be serious!”

“Look,” anito na hawak pa rin ang kanyang kamay. “Wala ka bang lakad ngayon? We could go somewhere nice. Saan mo gusto? Ipapasyal kita.”

“Huwag na,” magiliw niyang tanggi. “Nakakahiya naman sa ‘yo, and besides, hindi ka ba papasok sa opisina gaya ni Anthony?”

“No, I am not a fool like Anthony,” tugon nito. “Basta ikaw, puwede kong i-postpone ang lahat ng aking mga appointments.”

“I’m flattered, Eugene,” sabi niyang binawi na ang kanyang kamay at tumalima patungo sa direksyon ng garahe. “But... sorry, I could not go with you.”

“Why?” habol na tanong nito.

"I don't want to make things complicated," tugon niya. "Let's just put it that way."

"Complicated?" taka nitong tanong. "What is complicated here?"

"You have a fiancée, remember?"

"Ah... she's out-of-town," tugon nito na umaapila, tinitingnan kung makakalusot. "She's... she's in America right now. Siya 'yung inihatid ko noong gabing dumating ka."

"But she'll be back," malamyos niyang sabi na para bang inaakit ang binata. Sinasadya niyang ma-challenge ito para lalong maging interesado sa kanya. Nais niyang ipamukha kay Anthony na walang magagawa ang pera ng mga Ilustre para siya ay pigilan na mapaibig si Eugene.

Binilisan niya ang paglakad, subalit sumunod pa rin ito.

"Hindi kita titigilan hangga't hindi ka pumapayag na sumama sa aking mamasyal."

Huminto siya. "When do you want us to go?"

"Today," mabilis nitong sagot. "Now!"

"I'll be ready in an hour," definite niyang sagot. "I'll wait for you at the garage." Muli siyang tumalikod at nagpatuloy sa paglalakad patungo sa tirahan nilang mag-ama.

Napatalon sa tuwa si Eugene at nagpasayaw-sayaw pa itong bumalik sa mansyon. Sa tuwa ay tumalon ito sa isang malagong halaman na hindi naman kataasan. Kaso, may malaking bato pala sa kabila at doon natapak ang kaliwa nitong paa. Tuluy-tuloy itong bumagsak.

DALAWANG ORAS nang naghihintay sa garahe si Katherine ay wala pa rin si Eugene. Ayaw naman niyang magtungo sa malaking bahay at baka nandoon si Mrs. Ilustre. Nahihiya siyang humarap dito mula nang magkaroon ng interes sa kanya ang bunso nitong anak.

Balak niyang umalis din kaagad sa susunod na buwan kapag nabakante na ang apartment na nakuha niya sa Makati. Nais nga niyang pagbitiwin na sa trabaho ang kanyang ama at siya na ang susuporta rito. Subalit ayaw nito.

"Hindi naman ako nababagot sa aking trabaho, Anak," katuwiran nito.

"Pero, Itay, hindi mo ba naiisip na mag-iba ng linya ng trabaho? Para hindi naman masabi ng iba na hanggang pagiging driver ka na lamang. I have some savings we can use."

Iaalok na sana niya ang kanyang impok para maging

puhunan nito dahil alam niyang nais nitong magtayo ng isang talyer na ang specialty ay mga luxury cars. Iyon kasi ang mga tipo na nakasanayan na nitong i-troubleshoot.

Tumanggi pa rin ito.

“Ano ba ang mayroon sa mga Ilustre na hindi ko kayang ibigay, Itay?” tanong niyang hindi naman nananaghili at nagbibiro lang.

“Basta,” anito. “Pagdating ng panahon ay malalaman mo rin.”

Naisip niya, kailan pa kaya iyon? Nagtataka na siya kung bakit sobra ang tiyaga nito sa pagiging driver ng mga Ilustre. Anong uri ng loyalty ba mayroon ito lalo na kay Anthony na estudyante pa lamang sa kolehiyo ay ipinagmamaneho na nito?

Nang dalawa’t kalahating oras na at hindi pa rin lumitaw si Eugene ay nagpasya si Katherine na magtungo sa malaking bahay upang makitulong sa kusina. Doon niya nalaman na nabalian pala ang binata at dinala ito sa hospital.

“Malamang na masemento ang braso at binti niya,” balita rin ni Aling E pang.

“A-ano po ang sabi niya bago siya nadala sa hospital?” tanong niya na nag-alala. Hindi man lamang niya nalaman kaagad ang nangyari samantalang nandoon lang siya sa garahe. “Wala po

ba siyang ipinagbiling na sabihin sa akin?"

Nag-isip ang matanda. "Ang alam ko ay mayroon," anito na nahihirapang isipin kung ano ang narinig na sinabi ng amo. "Nabanggit nga niya ang pangalan mo pero hindi naman nakinig ang mama niya. Siyempre, worried iyon sa kanyang bunso. Aba'y ikaw na ang mabalian. Katumbas na para kang binaril."

"Ganoon po ba?" malungkot niyang tugon. "Sige po."

Tutungo na sana siya sa back door nang pumasok sa kusina ang isang maid.

"Katherine," anunsyo nito, "may tawag ka sa telepono."

"Sino 'yon?" tanong niya na nabuhayan ng loob. "Si Eugene ba?"

"Si Sir Anthony."

Kaagad ding naglaho ang kasiyahan sa kanyang magandang mukha. Sumunod na lamang siya sa maid patungo sa telepono na malapit sa mantel sa tabi ng hagdanan.

"Hello," malamig niyang bati.

"I learned from your father that you studied Interior Decoration." Direkta kaagad ito sa punto. "I would like to offer you a job. I have these newly-

acquired properties in Antipolo; one is an old house. I want it restored to its original form. So, will you take the job?"

"Ha?"

"I said," ulit nito na may impatience sa boses, "will you take the job?"

"Gusto ko munang makita 'yung bahay," kondisyon niya. "It might not be worth your money and my time for it to be restored. Baka mas mabuti pang ipa-tear down mo na lang at magpagawa ka ng bago."

"Okay," pakli nito. "When are you free to see it?"

Inisip niya kung kailan siya puwede. *I don't want to sound so willing to take his offer!*

"Will you answer right away?" untag nito na minamadali siya. "I don't have all the time in the world to wait!"

"Okay," tugon niyang medyo naiinis na. "Today. I want to see the house right now, kung puwede."

"Okay," tugon nito na iba na ang tono, "I'll pick you up at around one-thirty. 'Bye."

Hindi na siya nakapag-goodbye; naibaba kaagad nito ang telepono.

Sa inis ay ibinagsak niya ang handset. Akala niya ay siya ang may last say sa usapan; hindi pala.

Paano kaya nakakasundo ni Itay ang napaka-difficult na taong iyon? tanong niya sa sarili na napatingin sa kanyang relo. Malapit nang magtanghai. Nais sana niyang dalawin sa hospital si Eugene, pero kung susunduin siya ni Anthony nang ala una y media ay wala na siyang panahon. I hope Eugene won't be confined long in the hospital.

Habang naglalakad pabalik sa garahe ay naisip niyang kapag iniuwi kaagad ang binata—malamang na ganoon nga ang mangyari—balak niyang siya ang mag-alaga rito. Subalit nang maalala niyang may ibinibigay nga palang trabaho sa kanya si Anthony, paano niya maaasikaso ang kapatid nito?

Villain talaga 'yang si Anthony!

NANGHINAYANG SI KATHERINE sa unang bahay na pinagdalan sa kanya ni Anthony sa Milflores Drive sa *Beverly Hills Subdivision* sa Antipolo dahil napabayaang ito ng dating may-ari.

“Ito ang tipo ng bahay na perfect...” Hindi niya maipagpatuloy ang kanyang sasabihin dahil masyadong personal iyon para sa kanya. Ayaw niyang magmukhang sentimental sa harapan ng kasama at sa tingin niya ay hindi ito ang tipo ng lalaking nagso-solicit ng pananaw ng ibang tao.

“... For growing children,” dugtong nito, hindi para matapos ang pangungusap niya kundi iyon mismo ang tingin nito sa bahay at bakuran na iyon.

Nasorpresa siya at namangha subalit hindi niya ipinahalata.

Ang pagkakakilala kasi ng maraming tao sa lalaki ay hindi capable sa ganoong uri ng isipin o sentimyento. Ang tawag nga rito ng mga kapwa nito negosyante at mga executives ay ‘the man without a heart.’ Tila kakailanganin ding idiin nang husto ang pagpisil sa galanggalangan nito para madama ang pulso.

Nais na sana niyang ibahin ang impression kay Anthony nang maalala ang pangyayaring iyon sa likuran ng dressing room. *He is cold-blooded!*

Ibinalik na lang niya ang isip at attention sa bahay.

Ang pangalawang property na pinuntahan nila ay sa isang subdivision na ang pangalan ay *Ponderosa*.

“Parang ang bahay n’yo rin!” bulalas niya nang pumasok ang kotse sa driveway; nagtatapos din iyon sa isang helipad. “Kaya lang mas malawak ang bakuran n’yo.”

“The indoor swimming pool, take note,” anito nang umibis ng kotse, “is in the basement.”

“Ha?” namamangha niyang sabi. “Siguro, kapag ayaw ma-sunburn, doon naglalangoy?”

“The former owner of this house was rather eccentric,” saad nito habang papalakad sila sa pinto ng bahay. “And a noted antique collector.”

Napansin niya kaagad ang ornate na colonade ng portico sa harapan ng bahay. At may mga muebles na antigo sa may entrada.

“Why did you buy these properties?” tanong niya na medyo nahihiya. “Do you also intend to sell them?”

“I don’t know,” tugon nito na nagtungo sa balkonahe sa kabilang dako ng bahay kung saan matatanaw ang Maynila. Direktang nasa view nila ang gusali ng *Philippine Stock Exchange*. “I guess I just want them as reminders of my success.”

Narinig niya ang sinabi nito, subalit hindi niya nakuha ang ibig sabihin. Wala sa tono nito ang literal na pakahulugan na kapag mayroon ang isang tao ng ganoon kagrandeng mga bahay ay talagang successful ito sa buhay, lalo na sa pananalapi.

Ang hindi niya maintindihan ay kung bakit may kalungkutan sa tono nito.

“Kailan mo pa nabili ito?” tanong niya habang iginagala ang tingin sa buong living room.

“Five years ago,” sagot nito. “I bought it for a few million pesos. It was very cheap.” Sumulyap ito sa kanya. “How about you? Ano ang nangyari sa ‘yo nang umalis ka sa bakuran namin?”

Nagulat siya sa tanong nito. Hindi niya akalain na kahit pala minsan ay mapag-usisa ito tungkol sa buhay ng mga taong katulad niya.

“Well, when I was in college, I became very busy,” tugon niya na naalala ang buhay nang makitira siya kay Tia Loreta. “Nahihiya nga ako kina Aling Epang dahil pangako kong dadalaw ako tuwing weekends noon pero hindi ko nagawa. I had to work to pay my tuition; ayaw ko kasing umasa kay Itay. So, usapan na lang naming mag-ama, si Itay na lang ang dadalaw sa akin kapag may panahon siya.”

“Mababa ba sa tingin mo ang isinusuweldo namin sa itay mo?” tanong nito na nilingon siya at tumitig sa kanyang mukha.

“It’s good enough compared to what other family drivers are earning,” napayukong pag-amin niya. Wala naman sa kanya kung mababa man ang sahod ng ama, pero ang nais niya ay umangat ang katayuan nito sa buhay.

Naggala pa sila sa ibang parte ng bahay.

“Why did you have to leave our premises?”

tanong pa nito.

Napangiti siya.

“Is it too personal?” tanong ulit nito.

“No, not really,” tugon niyang may halong lungkot ang tinig. “Kunsabagay, makakapag-aral pa rin ako kahit doon ako nakatira sa inyo.”

“I think your father wanted you to be away for a while,” konklusyon nito. “I understand him. So, what happened? I heard you’ve been to America.”

“Yeah,” tugon niya na napangiti. “Medyo sinuwerte sa negosyo ang Tia Loreta ko at naisipan niyang manirahan na doon. She took me with her.”

“Why did you come back?”

“America is not my idea of a permanent home,” sagot niya. “Siguro, babalik ako doon bilang turista na lamang.”

Naglakad-lakad din sila sa medyo dawagan nang hardin.

“Sayang ‘yung fountain,” puna niya sa Cupido na nasa gitna ng matang-tubig; puno ng lumot ang paligid nito. “I would like to suggest something,” dugtong niya.

“Ano iyon?”

“Sobrang dami ng mga katulong n’yo sa bahay,” aniya na patuloy na naglakad patungo sa dulo

ng hardin kung saan mayroong promenade na nalalambungan ng balag ng grapevine. “Bakit hindi n’yong palipatin ‘yung iba dito?”

“But we... I don’t intend to live here or in that first house we went to, either,” tugon nito.

“Ano ang gagawin mo sa mga bahay?”

“I am not sure yet. Maybe I will sell them and buy some more,” tugon nito na bumalik sa pagiging cold-blooded na negosyante.

Hindi na siya kumibo. Nag-take note na lang siya ng mga bagay na dapat niyang tandaan ukol sa mga detalye ng bahay.